

**PARA SA : MGA MIYEMBRO NG TSPI MBAI**

**PESTA : 04 August 2022**

**PAKSA : SAMBAYANIHAN PROGRAM – TSPI MBAI MEMBERS’ BENEFIT PROGRAM**

---

### **MAGANDANG BALITA!!!**

***Lubos na nagpapasalamat ang TSPI Mutual Benefit Association, Inc. (TSPI MBAI) sa ating Panginoon sa patuloy na gabay at biyayang ipinagkaloob Niya sa nakalipas sa taon CY 2021.***

Sa gitna ng pandemya na dulot ng COVID-19 virus, maayos ang naging operasyon ng TSPI MBAI. Dahil tayo ay naging mabuting katiwala sa mga kaloob ng Panginoon, malugod na ibinabahagi ng ating Board of Trustees ang paglalaan ng ₱43,714,927.01 para sa ating Sambayanihan Program at Capacity Building Program.

Ang Sambayanihan Program ay ang “social development program” na dinisenyo para sa mga miyembro ng TSPI MBAI. Nuong mga nakalipas na taon, marami tayong mga naging programa na nakatulong sa ating mga miyembro katulad ng mga sumusunod: 1) Usapang Paglago Kay Kristo (Debosyon sa Sentro), 2) Alay sa Kalamidad (nuong nakaraang taon: Bagyong Ulysses, Bagyong Rolly at mga miyembro na nasunugan), 3) FREE BLIP, 4) pamimigay ng Health Kits at Health Info Campaign ukol sa COVID-19, 5) Urban Gulayan, 6) Medical Mission, 7) Musmos Bangong Alaga para sa mga anak ng mga miyembro 8) Food Benefit kapag may lamay, atbp.

Ngayon taon, sinimulan na rin natin ang pagbibigay ng “livelihood at skills training program” sa tulong ng iba’t-ibang ahensya ng gobyerno (TESDA at Rural Health Unit (RHU) ng mga Barangay) at mga pribadong organisasyon at mamamayan.

Kakatapos lang ganapin ang “Cookfest with Chef RV Manabat” kung saan ipinakita ng mga miyembro buhat sa iba’t ibang sangay ng TSPI ang kanilang kaalaman sa pagluluto. Nagbahagi rin si Chef RV sa mga miyembro kung paano magsimula o palaguin ang kanilang mga negosyo. Mayroon din tayong mga miyembro na naging scholar ng ating TESDA Massage Therapy Skills Training sa Indang, Cavite.

Idinaraos din ngayon ang “Health Lecture Series” sa pakikipag-ugnayan sa RHU ng Lungsod ng Tayabas, Quezon.

Sa pakikipagtulungan ng mga sangay ng TSPI sa North Luzon, ating inaalam ang lawak ng pinsala at mga miyembro na dapat maabutan ng tulong sa pamamagitan ng ating “ Alalay sa Kalamidad.”

Nakapagpatayo na rin tayo ng 55 Sambayanihan Centers kung saan idinaraos ang mga aktibidad ng TSPI. Hangarin natin na magkaroon ng Sambayanihan Center ang bawat sangay ng TSPI at bawat cluster na pinapangalagaan ng ating mga Account Officers para maserbisyoan ang bawat miyembro lalo na ang mga nakatira sa mga liblib na barangay.

Layunin natin na mabigyan ng iba’t ibang serbisyo ang mga miyembro upang makamit natin ang “TSPI Vision: Makita ang mga tao na nabubuhay ng nakasentro kay Kristo, may dignidad, kasapatan, integridad at pag-asa na ipinakikita sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa kanilang pamilya at pamayanan.”

**Bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang kakayahang tinanggap ng bawat isa sa inyo.**

**1 Pedro 4:10**

**Sa Diyos ang kaluwalhatian!!!**

Orihinal na Nilagdaan  
**ALICE Z. CORDERO**  
President & CEO

Orihinal na Nilagdaan  
**MA. LUZ A. PLANAS**  
BOT CHAIRPERSON